REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 2020-360

KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB NG AKREDITASYON NG ALABANG, BAYANAN CUPANG MARKET SITE TODAI, (ABCMS-TODAI) NA MATATAGPUAN SA MONTILLANO ST., BARANGAY ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

****

Ipinanukala ni: ***Kgg. Kon. Ting Niefes***
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Stephanie G. Teves
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla – VIA ZOOM
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Walter A. Arcilla
Kgg. Kon. Kenichi D. Takagi, Jr. – VIA ZOOM

****

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksiyon 34 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ***"tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di- pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng lokal nan a awtonomiya";***

SAPAGKAT, isinasaad ng Kautusang Panlungsod Bilang 01-024 na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang ***Alabang, Bayanan Cupang Market Site TODAI, (ABCMS-TODAI),*** na matatagpuan sa Montillano St., Barangay Alabang, Muntinlupa City ay isang samahan na naglalayon ng serbisyo sa mga mamamayan na bumibyahe sa nasabing lugar matapos itong makakuha ng lisensya at prangkisa sa Business Permit and Licensing Office at prangkisa sa Tricycle Regulatory Unit (TRU) ng Lungsod ng Muntinlupa at magparehistro sa Land Transportation Office (LTO);

SAPAGKAT, ang ***Alabang, Bayanan Cupang Market Site TODAI, (ABCMS-TODAI),*** ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng Ordinance No. 05-040 na inamyendahanng Ordinance No. 06-093 ng Sangguniang Panlungsod;

SAPAGKAT, ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ordinansa para sa akreditasyon;